May dalawang [panalanging] hindi tinatanggihan o madalang tinatanggihan: ang panalangin sa sandali ng panawagan [sa ṣalāh] at sa sandali ng tindi ng labanan nang nagdidikit [na ang magkalaban] sa isa't isa.

Ayon kay Sahl bin Sa`d, malugod si Allāh sa kanilang dalawa: "May dalawang [panalanging] hindi tinatanggihan o madalang tinatanggihan: ang panalangin sa sandali ng panawagan [sa ṣalāh] at sa sandali ng tindi ng labanan nang nagdidikit [na ang magkalaban] sa isa't isa."

[Tumpak] [Isinaysay ito ni Imām Abū Dāwud]

May [nasaad] sa ḥadīth na ito na isang paglilinaw sa kalamangan ng Pakikibaka alang-alang sa landas ni Allāh yamang tintutugon ni Allāh, pagkataas-taas Niya, ang panalangin ng mga nakikibaka habang ito ay nasa labananan. May [nasaad] din dito na isang paglilinaw sa kalamangan ng adhān yamang tinutugon ni Allāh, pagkataas-taas Niya, ang panalangin ng Muslim sa sandali ng adhān at hanggang sa iqāmah ng ṣalāh.

http://www.sunnah.global/hadeeth/tl/show/5035